# Paghubog ng Katatagan sa Panahon ng Kawalan ng Kasiguraduhan

Noong 2020, ang mga kababaihan sa iba't ibang bahagi ng mundo ay pinatibay at pinakalas ang mga sistema ng katatagan sa kanilang mga komunidad, pinagpatuloy ang buhay sa kanilang mga komunidad at ng mundo sa harap ng malalaking mga pagsubok. Para sa mga katuwang na organisasyon ng GAGGA, dinala ng COVID-19 pandemic ang mga sitwasyong hindi maikukumpara sa kahit ano, kaya naman kinailangang magkaroon ng mabilisang pagsusuri at pag-aadjust ng mga prayoridad at plano. Nairaos ng mga GAGGA partners ang hindi matapos-tapos na mga pagsubok at gumawa ng mga panibagong paraan upang makapag-usap sa isa't isa, bumuo ng mga koneksyon at pagkakaisa, at magpatuloy sa pag-oorganisa.




**Ang GAGGA noong 2020: Mga Pangunahing Bilang**

**426** na organisasyong naka-base sa mga komunidad na pinangungunahan ng kababaihan ang nasuportahan ng GAGGA

**79%** ang nakatanggap ng kabuuang € 2.2 milyon mula sa mga grant

**21%** ang eksklusibong nakatanggap ng hindi-pinansyal na suporta

Litrato: Sabokahan Unity of Lumad Women

## Pag-oorganisa sa mga espasyong digital

Tumulong ang mga GAGGA partners na masiguro ang **ligtas at epektibong paggamit ng mga digital na instrumento at pakikilahok sa mga espasyong digital ng mga grassroots na grupong pinangungunahan ng mga kababaihan.** Kasama sa mga estratehiya ang: pagbili ng mga data package para sa mga cellphone; pagbibigay ng ligtas na byahe papunta sa pinakamalapit na bayan o baryo na may internet; pagpapalakas ng kaalaman sa paggamit ng computer; at pagbibigay ng pagsasanay sa kung paano makilahok sa mga nasyonal at internasyonal na espasyong virtual.

Ang **International Analog Forestry Network** ay nakapagtatag ng espasyong digital para sa mga Analog Forestry Women Promoters sa Bolivia, Costa Rica, Nicaragua at El Salvador. Sa pamamagitan ng mga audio na mga mensahe at palabas na ibinahagi sa mga messaging app tulad ng WhatsApp at Signal, kanilang ibinahigi ang mga teknikal na kaalaman tungkol sa Analog Forestry, ang disenyo at implementasyo ng mga regenerative plot ng mga kababaihan, ang mga pamamaraan upang masuportahan ang pag-aabot ng tulong sa mga komunidad sa kanayunan, partikular na ang kababaihan. Nakabuo ang mga espasyong digital ng mga circle of trust at suportang mutual sa pagitan ng mga kababaihang promotor. Naglabas ang ***FRIDA, the Young Feminist Fund*** ng isang content series tungkol sa digital na pangangalaga at seguridad, na tumalakay sa mga paksa tulad ng pangunahing imprastruktura ng internet, mga ligtas na messaging app, at pangangalagang digital sa paggamit ng mga device. Pinagtuunan ng pansin ang mga kabataang peministang tagapagtanggol ng klima at kalikasan.

Nag-organisa ang GAGGA ng mga virtual na espasyo para sa kolektibang pagbubuo ng kaalaman at repleksyon, na nagbigay-ambag sa aming proseso ng panlabas na pagsusuri at nakabuo ng mga ideya para sa hinaharap. Nakatulong ang mga diskusyon na ito sa paggabay ng pagbubuo ng **programang 'Women Leading Climate Action' (o 'Mga Kababaihang nangunguna sa Aksyong Pangklima') ng GAGGA** (tingnan sa ibaba) at isang pahayagan na nakatuon sa pamumuno ng kababaihan sa hustisyang pangklima. Sa pakikipagtulungan kasama ng Women's Environment & Development Organization at Friends of the Earth International, nag co-organize ang GAGGA ng isang sesyon sa pandaigdigang pagpupulong na pinamagatang 'From the Ground Up' na pinangunahan ng COP26 Coalition. Ang sesyong **'Feminist Climate Action: Building Power at all Levels' (o 'Peministang Aksyong Pangklima: Pagbubuo ng Kapangyarihan sa lahat ng Antas')**, ay pinuntahan ng mahigit sa 150 na mga tao.

Inilunsad noong 2016 ang Global Alliance for Green and Gender Action (GAGGA) na isinusulong ang kolektibong kapangyarihan ng karapatang pangkababaihan, kilusang pangkalikasan at hustisyang pangklima sa buong mundo. Inilalayon ng GAGGA ang isang mundo na kinikilala at nirerespeto ang karapatan ng kababaihan sa tubig, seguridad sa pagkain, at sa malinis, malusog at ligtas na kapaligiran. Ito ay pinangunahan ng Fondo Centroamericano de Mujeres (FCAM), sa pakikipagtulungan kasama ng Mama Cash at Both ENDS. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang aming website, i-follow kami sa Twitter at subaybayan ang aming pahayagan.

## Pagsusulong ng pagrespeto sa karapatan ng kababaihan at hustisyang pangklima sa lokal at nasyonal na antas

Ipinagpatuloy ng mga GAGGA partners na palakasin ang kanilang mga gawaing sustenable at naka-base sa komunidad, hindi lamang upang masigurado ang kanilang hanapbuhay, seguridad sa pagkain at mapagkukunan ng malinis na tubig, ngunit ito rin ay paraan upang mapanatili ang kanilang hawak o makuha muli ang kanilang lupain at teritoryo. Ang mga inisyatiba ng lobbying sa mga nasa kapangyarihan at adbokasiya ng mga grassroots na grupong suportado ng GAGGA ay tumutok sa mga isyu tulad ng restorasyon/ekolohikal na proteksyon (kasama ang saribuhay); sustenableng agrikultura; pagbabago ng klima; at pagpapalakas at awtonomiyang pang-ekonomiya bukod pa sa ibang isyu.

Sa Indonesia, hindi kailanman isinama sa mga plano para sa pagpapatayo ng mga proyektong geothermal, hydropower at wind farm ang kaukulang konsultasyon sa mga lokal na komunidad na maaapektuhan nito. Noong 2020, ang GAGGA partner na **Aksi!** ay nagsagawa ng **Feminist Participatory Action Research** (peministang pananalaksik sa pamamagitan ng pakikilahok at pagsasagawa ng aksyon), kung saan sila ay nangalap ng mga testimony amula sa mahigit 50 na kababaihan patungkol sa kung paano sila **negatibong naapektuhan ng mga proyektong renewable energy**. Ang pananaliksik na ito ang naging batayan ng pag-uulat na isinumite ng Aksi! kasama ng Save Gunung Slamet, sa Komite ng CEDAW, at matapos nito ay kanilang binalikan ang pamahalaan ng Indonesia patungkol dito. Sa pamamagitan ng mga diskusyong roundtable at sa webinar na 'Women from Energy Project Areas Speak Out' (Magpahayag ang mga Kababaihan Mula sa mga Lugar ng mga Proyektong Pang-enerhiya), ipinakita ng Aksi! na kailangan ng mga **solusyon at alternatibo na nakatuon sa tao** na binubuo sa pamamagitan ng isang demokratiko at inklusibong pamamaraan, na nakabatay sa mungkahi, pahintulot at kontrol ng kababaihan at mga lokal na komunidad.

Ang **Kebetkache Women Development & Resource Centre and Lokiaka Community Development Centre**, na nakabase sa Harcourt sa Nigeria ay nakapagpamulat tungkol sa mga isyu na kinakaharap ng mga kabababaihan at lokal na komunidad sa Niger Delta na kaugnay ng pangunguha ng langis at gas flaring o pagsusunog ng gas (ito ay gawain kung saan sinusunog ng mga kompanya ng langis ang gas na tumatagas na resulta ng pagmimina ng langis). Isang 2019 GAGGA Linking and Learning grant ang nakatulong para patibayan ang pagiging komplementarya ng gawain ng dalawang organisasyon. Noong 2020, pinalakas ng Kebetkache ang pagkakaroon ng kamalayan ng mga kababaihan ng mga komunidad sa Lolouma at Umuechem tungkol sa kanilang **karapatan upang tumanggi sa pagsusunog ng gas** at ang kanilang kapasidad upang maitukoy ang sarili at makipagtalakayan sa mga gumagawa ng desisyon. Isang forum ang inorganisa kung saan kasama ang mga miyembro ng komunindad, mga organisasyong panlipunang sibil, at mga representatibo rehiyonal na Ministeryo ng Ugnayang Panlabas at ang Ministeryo ng Kalikasan at ang National Orientation Agency. Sa forum na ito, nangako ang Rivers State Ministry of Women Affairs (Ministeryo ng Ugnayang Pangkababaihan ng Estado ng mga Ilog) na sila'y magbibigay ng mas maraming atensyon sa mga isyu na nailahad, partikular na ang mga emekto ng pagsusunog ng gas at polusyon sa mga kababaihan.

## Pagpapanatili ng presyur sa mga Internasyonal na Institusyong Pinansyal

Kahit pa may mga hadlang na nabuo dahil sa COVID-19, nagpatuloy ang GAGGA na makipag-ugnayan, mag-impluwensya at magbigay-ambag sa pagpapaunlad, pagpapalakas at pagsusubaybay sa mga polisiyang panlipunan at pangkalikasan ng mga Internasyonal na Institusyong Pinansyal. Magkasamang nakipag-ugnayan ang mga GAGGA partner at miyembro sa African Development Bank, Asian Development Bank, Asian Infrastructure Investment Bank, ang European Bank for Reconstruction and Development at ang Interamerican Development Bank. Sila ay nagbigay atensyon sa agarang pangangailangan para sa **pagsusuri ng mga panukala ng mga proyekto, gayun din ang mga implementasyon ng mga proyekto upang sumunod sa mga polisiyang panlipunan at pangkalikasan ng bangko.**

Patuloy na bumuo ng presyon sa **Interamerican Development Bank** (IDB) ang **Interamerican Association for Environmental Defense (AIDA)** upang gumawa ng aksyon alinsunod sa dalawang malakihang proyektong pantubig, ang Pojom II at ang San Andres as Guatemala, na hindi sinusunod ang Polisiyang Pang-operasyon sa Kasarian at Pagkakapantay-pantay, bukod pa sa ibang polisiya. Bagaman hindi nagawang makilahok ng direkta at makipag-ugnayan sa mga opisyal na espasyong may kinalaman sa IDB ang AIDA dahil sa pandemya, nagpatuloy silang sa pagbibigay ng kamalayan, tuligsain ang sitwasyon, at pinakamahalaga, masiguradong nagpapatuloy ang koneksyon at **pagkakaisa sa mga lokal na kababaihang Ixquisis** at sa kanilang mga komunidad, na kung saan ang kanilang karapatan ay nilabag ng mga proyektong nabanggit. Nagsagawa ang AIDA ng iba't ibang espasyong birtwal at isang online na petisyon at kampanyang pangkomunikasyon, pagpapalakas ng kamalayan sa iba't ibang rehiyon tungkol sa kahihinatnan ng mga proyekto at pagbubuo ng suporta para sa mga komunidad ng Ixquisis.



Litrato: WoMin African Alliance

## Pakikipag-ugnayan kasama ng Green Climate Fund

Patuloy na nagsasagawa ng mga gawain ng pagkatuto at mga pagsasanay para magpalago ng kapasidad ang mga GAGGA partners upang makapagpalakas ng kamalayan at mamobilisa ang mga grassroots na grupo sa pakikipag-ugnayan sa nasyonal na proseso ng **pagdedesisyon para sa Green Climate Fund (GCF)**. Sinusuportahan ng GAGGA ang mga organisasyong para sa karapatan ng kababaihan mula sa Indonesia, Mongolia, Nepal at Tanzania na makapasok sa mga **diyalogong pampolisiya kasama ng kanilang GCF National Designated Authority** (NDA); palakasin ang kanilang pakikipag-ugnayan sa nasyonal na mga proseso ng pagdedesisyon, tulad ng pagkakaroon ng kadalubhasaang pangkasarian para sa pag-iimplementa ng mga proyekto at gamit ang mga pormal na paraan upang makipag-ugnayan kasama ng gobyerno/NDA; at masubaybayan ang pangkasalukuyan o nakaplanong mga proyekto ng GCF sa kanilang bansa.

Kasama ng iba pang aktor, pinagpatuloy ng GAGGA na ipagitna ang mga hinaing at pangangailangan ng mga partner sa mga internasyonal na prosesyo ng pagdedesisyon, at isulong ang lokal na access, pangkasariang pagtugon at inklusibong pagdedesiyon. Sa mga naging pagpupulong ng board noong 2020, aming isinulong na **pabutihin ang mga planong pangkasariang aksyon at pagsusuring pangkasarian** ng iba't ibang panukalang pampondo at sinigurado ang direktang pakikilahok at representasyon ng kababaihan mula sa iba't ibang rehiyon at komunidad sa mga espasyong ito. Halimbawa, si Wanun Permpibul, ang Regional Gender Monitor for Asia para sa GCF, ng **Climate Watch Thailand**, ay nakilahok sa pagbubulong ng GCF board at naihalal upang maging bahagi ng Active Observer Team ng mga CSO. Sa kabilang banda, ang kolektibong adbokasiya ng malaking grupo ng mga CSO, kasama ang GAGGA, ay nagbigay daan sa pansamantalang pag-urong ng Sumitomo Mitsui Banking Corporation (SMBC) – ang ikatlong pinakamalaking nagpapautang na bangko sa mga coal plan developer – mula sa agenda ng GCF upang mapalakas ng SMBC ang kanilang aplikasyon at polisiya sa pamumuhunan ng enerhiya, na hindi naka-alinsunod sa mga hangarin at layunin ng GCF at ng Paris Agreement.

## Ang pagbubuo ng kaso para sa mas maayos na pagkukunang ng pangangailangan

Kasama ng Global Greengrants Fund at Prospera na aming mga estratehikal na kaalyado, masigasig na pinalakas ng GAGGA ang interes at **momentum sa mga gobyernong nagbibigay ng donasyon at ang mga *philanthropic* na komunidad** para sa inklusibo, nakakapag-angkop, peminista, at pinapatakbo ng komunidad na pagkakalap ng rekurso para sa lokal na mga kilusang pinangungunahan ng kababaihan na nangunguna sa pangkalikasan at pangklimang aksyon. Naimbitahan ang GAGG ana ibahagi ang aming trabaho at resulta sa Global Affairs Canada, kasama na ang kanilang Climate Finance and Food Systems and Environment Division (ang mga opisina ng Pagpopondong Pagpipinansiya at mga Sistema ng Pagkain at Kalikasan), at upang makipagkita sa opisino ng United Kingdom Foreign Commonwealth and Development.

Nagpatuloy ang Global Greengrants Fund at Prospoera sa kanilang pagkikipagtrabaho kasama ng **Funder Learning Community for Women and Environment (FLC)**, isang grupo ng mga pribadong foundation. Ipinakita sa isang ebalwasyon ng FLC na 82 na porsyento ng mga sumagot ay lubos na sumasang-ayon na natutunan nila kung paano nangunguna ang kababaihan sa mga kritikal na inisyatiba upang labanan ang pagbabago ng klima at iba pang pagkasira ng kalikasan, at ang kanilang kaalaman ay nagbago/tumaas 'ng malawak na hangganan' para sa karamihan ng mga paksang naitalakay sa nakaraang dalawang taon.

Ang mga partner at miyembro ng GAGGA ay matagumpay din na naimpluwensyahan ang mga donor na magbigay ng suporta para sa gawaing pangkalikasan at pangklima na tumutugon sa pangkasariang pangangailangan, na pinangungunahan ng kababaihan.

- Noong 2020, **53 na posyento ng mga GAGGA partner ang nagsabi na sila ay nakatanggap ng pondo mula sa mga mga bagong donor** ay umabot sa halos €1.9 milyong EUR[1]. Ngunit, habang naging positibo ang pagdami ng mga bagong donor, importanteng maitala na ang kabuuang halaga ay mas kaunti kaysa noong mga nakaraang taon.
- **Pinili ng Ministeryo ng Ugnayang Panlabas ng Netherlands ang GAGGA bilang kanilang Strategic Partner** sa ilalim ng kanilang 2021-2025 na balangkas ng polisiya na Power of Voices (o kapangyarihan ng boses). Ginawaran ang programa ng GAGGA na 'Women Leading Climate Action' (Mga Kababaihang Nangunguna sa Aksyong Pangklima) ng €34 milyon.
- Sa ilalim ng bagong *Resilient Women and Natural Resources Plus Fund* (Pondo para sa Matatag na Kababaihan at Likas na Yaman at Higit Pa), nakapagbigay ang Ford Foundation sa GAGGA ng isang ***grant*** na may halagang $100,000 USD upang manguna sa **isang pagmamapa ng mga grupong naka-base sa komunidad, mga kolektiba at mga organisasyon na pinangungunahan ng kababaihan** sa Global South na nagtatrabaho sa interseksyon ng karapatang pangkababaihan, hustisyang pangkalikasan at pangklima. Sakop ng mapa ang iba't ibang uri/porma ng **karahasang istruktural na kinakaharap ng kababaihan at kabataang kababaihan na nagtatanggol ng kalikasan at/o lupa at teritoryo** at kung paano sila tumutugon dito.

## Cross-Movement Collaboration/Kolaborasyon sa Pagitan ng iba't ibang Kilusan at Pagbubuo ng mga Alyansa

Sa konteksto ng krisis ng COVID-19, naipakita ng kakaibang cross-movement collaboration (kolaborasyon sa pagitan ng iba't ibang kilusan) ang GAGGA ang kalakasan nito. Mabilis naming natutunan ang realidad at pangangailangan ng lokal na mga kilusan na aming sinusuportahan at nakita rin na may pangangailangang iangkop ang mga plano batay sa sitwasyon.

[1] Hindi kasama rito ang bagong pondo na natanggap ng mga Miyembro ng Alyansang GAGGA na FCAM, Both ENDS at Mama Cash.

Noong Mayo, inilunsad ng GAGGA ang **Autonomy and Resilience Fund (ARF) (o Pondo Para sa Pagsasarili at Katatagan)**, na inisyatibang pagpopondo na pang-isang beses lamang upang matugunan ang napapanahong pangangailangan ng mga kababaihang nagtatanggol ng kalikasan at ang kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng pagpapalakas ng **mga sistema ng katatagan at pagsasarili na pinangungunahan ng komunidad** na nakabatay sa prinsipyo ng pagkakapantay-pantay, pagkakaisa, at kolektibang pagkakalinga para sa mga tao at sa kalikasan. Ang istruktura ng network ng GAGGA, partikular na ang mga pinangungunahan nitong mga relasyon at pagtitiwala, ay napatunayang mahalaga sa tagumpay ng ARF. Sa loob lamang ng anim na linggo, nakatanggap ang GAGGa ng 211 na aplikasyon sa kabuuan, kasama na ang 193 mula sa mga organisasyong naka-base sa mga komunidad na pinangungunahan ng kababaihan at 18 na mula sa mga NGO na partner ng GAGGA. Sa loob ng tatlong buwan, nakapagbigay ang GAGGA ng **€214,108 sa 41 na mga grassroot na grupo** at **€40,292 sa pitong NGO sa 21 na bansa sa iba't ibang bahagi ng mundo.**

Alinsunod sa pagtatapos ng proseso ng paggawa ng grant, nagpagawa ng isang pag-aaral ang GAGGA tungkol sa ARF upang mas malaman at maintindihan ang mga karanasan, perspektiba at pangangailangan ng kababaihang nagdedepensa ng kalikasan at ang kanilang mga komunidad sa panahon ng krisis. Ang ulat na, The Autonomy and Resilience Fund: Transforming fear into hope, **(o Ang Pondo para sa Pagsasarili at Katatagan: Pagbabagong Anyo Mula sa Takot Patungong Pag-asa)** ay umaambag sa mga kritikal na diskusyon patungkol sa inklusibo, umaangkop sa sitwasyon, peminista at pinangungunahan ng komunidad na pangangalap ng rekurso para sa gawaing pangkasarian, pangkalikasan at hustisyang pangklima, sa parehong maiksi at pangmatagalang termino.

## Mga boses mula sa network ng GAGGA

Mula 8-22 ng Marso – ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihan hanggang pandaigdigang Araw ng Tubig – ang mga partner na organisasyon ng GAGGA sa latin America ay nagsagawa ng kanilang ika-apat na taunang 'We, Women are Water' campaign **(o ang kampanyang Kami, ang Kababaihan ay Tubig)**. Ang kampanyang ito ay isiniwalat ang mga epektong pinagdudusahan ng kababaihan na dala ng pang-aabuso at kontaminasyon ng tubig na para dapat sa lahat. Ang kampanyang ito ay inilunsad kasabay ng panahon kung saan nagsisimula pa lamang din maging seryosong problema ng COVID-19, kaya naman isang pangunahing mensahe ay ang kahalagahan ng paninigurado ng karapatang pantao para sa tubig sa harap ng banta ng COVID-19, kasama na rito ang mga payak na alituntunin tulad ng paghuhugas ng kamay.

Nagbigay kamulatan din ang GAGGA at isiniwalat ang mga realidad ng mga lokal na kababaihan at ang kanilang mga komunidad sa konteksto ng COVID-19. Nakapagkolekta ang GAGGA ng 60 na mga rekording mula sa mga partner sa Africa, Asya, Latin America, kung saan kanilang inilarawan ang kanilang mga karanasan noong mga unang buwan ng pandemya. Ang mga audio story, na pangunahing ibinabahagi sa Twitter, ay pinakinggan ng mahigit 17,500 na bases at ng humantong sa mahigit 600 na engagement ng mga gumagamit ng Twitter, at gayun din ang pagtalakay nito ng mga panlabas na pahayagan.

## Kolaborasyon kasama ng Ministeryo ng Ugnayang Panlabas ng Netherlands

Ang **Women, Inclusion and Environmental Roundtable (o roundtable na diskusyon patungkol sa kababaihan, inklusyon at kalikasan)** ay isa sa naging pangunahing nagawa ng GAGGA sa pakikipagtulungan kasama ng Ministeryo ng Ugnayang Panlabas ng Netherlands noong 2020, na nagsama-sama ng 40 na mga representatibo mula sa mga gobyerno ng Canada, Netherlands, Germany, Switzerland at United Kingdom na gumagawa ng mga polisiyang pangkalikasan at pangklima, at mula sa mga pribadong foundation mula sa US at sa Europa. Ang roundtable na ito ay inorganisa kasama ng Inclusive Green Growth Department (o Departamento ng Inklusibong Pangkalikasang Paglago) ng Ministeryo at nanguna sa pakikipag-ugnayan at pagkatuto sa isa't isa, pagbubuo ng mga pangunahing natuklasan mula sa aming pagmamapa, na isinagawa noong 2019, patungkol sa mga napapanahong polisiya, mekanismo, instrument at mga daluyan ng pondo ng limang donor na gobyerno. Isinulong din ng GAGGA na **masigurado na ang pondong pang krisis na COVID-19 ay naabot ang mga lokal na sangkatauhan at mga komunidad,** lalo na ang mga mula sa mga pinagkaitan na mga grupo – kababaihan, katutubo, mga magsasaka sa kanayunan at sa baybaying dagat, at mga komunidad ng mangingisda – sa pamamagitan ng mga pangkasalukuyang makabagong mekanismo ng pagpopondong.

## Mga aral mula sa limang taon ng GAGGA

Mula noong 2016, nakapagbigay ang GAGGA ng **€10.24 milyon sa 1,518 na mga grant sa mga grassroots na grupong nagtatrabaho para sa karapatang pangkababaihan at hustisyang pangklima,** na pangunahing mula sa pondo para sa kababaihan at hustisyang pangklima. Naitala ng isang panlabas na pagsusuring pinal ng ang aming unang panglimang taong programa na nagkaroon ng makabuluhang progresa sa pagkamit ng aming panglimang taong hangarin.

Ang aming mga karanasan sa mga nakalipas na taon ay nabigyang linaw ang kahalagahan ng **pagsasama-sama ng mga kilusan para sa karapatan ng kababaihan, pangkalikasan, at hustisyang pangklima** at **pagpapagitna ng kaalaman at karanasan ng mga organisasyong naka-base sa komunidad na pinangungunahan ng kababaihan** sa mga aksyong pangkalikasan at pangklima, at gayon na rin sa mga polisiyang pangkalikasan at may kinalaman sa klima.

Ang kababaihan, sa lahat ng kanilang pagkakaiba-iba, ay nagsusulong ng matatapang, malikhain at buong mga solusyon na hindi lamang tumutugon sa pagkasira ng kalikasan at ang mga negatibong epekto sa klimang kinakaharap nila ngayon at sa hinaharap, kung hindi ay positibo ring binabago ang kanilang mga realidad, at gayon na rin ang sa kanilang mga komunidad. Sa pagtatapos ng unang limang taon ng GAGGA, masasabi naming maipagmamalaki ang napagtagumpayan namin ng sama-sama at aabangan ang paglago at paglawak ng network na ito.

fcam Fondo Centroamericano de Mujeres · mama cash · Both ENDS Connecting people for change